

PAGTUKLAS SA MGA SALIK SA KAHIRAPAN SA PAGBASA: BATAYAN SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA PAGBASA GAMIT ANG LETRA

Arzola P. Aizon.¹ ; Jaquelyn N. Camus.² ; Jenlyn E. Ebrada.³

^{1,2,3} College of Teacher Education (CTE) Graduate School, Western Mindanao State University (WMSU)
Zamboanga City, Philippines

ABSTRACT : Ang suliranin sa pagbasa ay nananatiling pangunahing hamon sa sistema ng edukasyon sa bansa, na may malaking epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Bilang tugon, isinasagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang mga salik na nakaapekto sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekondarya. Ginamit bilang pangunahing instrumento ang LETRA (*Language Enhancement Through Reading Assessment*) sa pangangalap ng datos, na magsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng mga estratehiya at programang magpapalakas sa kasanayan sa pagbasa. Isang kuwantitatibong pananalikisik na ginamitan ng semi-structured survey questionnaire at inayos ayon sa “5M” at “5 Why Analysis”. Isinailalim naman ang mga ito sa proseso ng Frequency at Percentage Analysis. Batay sa mga natuklasang datos, malinaw na ang kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay dulot ng magkakaibang salik na may kaugnayan sa Lakas-Tao, Makina, Materyales, Paraan, at Kapaligiran. Ang mga salik na may pinakamalaking epekto ay ang kakulangan ng suporta mula sa pamilya, kawalan ng oras para sa pagbabasa, at kawalan ng sistematikong daloy ng pagbabasa sa paaralan at tahanan. Ipinapakita rin ng datos na ang emosyonal na salik, tulad ng trauma at kawalan ng gana, ay malaki ang kontribusyon sa kahirapan ng mga mag-aaral na paghusayin ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Ang mga natuklasan ay nagsisilbing mahalagang batayan para sa pagbuo ng mga programang magpapahusay sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Ang kolaborasyon sa pagitan ng mga magulang, guro, at komunidad ay lubhang kinakailangan upang tugunan ang mga salik na ito at masiguro ang tagumpay ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbabasa.

KEYWORDS: *Frequency at Percentage Analysis, Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA), Pagbasa, Salik sa Kahirapan sa pagbasa, semi-structured survey questionnaire, 5M” at “5 Why Analysis*

I. INTRODUKSYON

Pagbasa ang batayan o saligan ng halos lahat ng pangkaisipang karunungan. Sa pamamagitan ng pagbasa ay napapalawak ang kaalaman sa iba't ibang larangan, kung kaya isa ito sa mga kasanayang pangwika na kailangang unang matutuhan at maangkin ng isang mag-aaral. Ayon kina Austero et al. (1999), ang pagbasa ay ang pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita. Ito rin ay pag-unawa sa wika ng awtor sa pamamagitan ng mga nakasulat na simbolo.

Ang kasanayang ito ay isa sa mga tinututukan at pinapalakas ng Kagawaran ng Edukasyon sa bansa hanggang sa kasalukuyan kasunod ng mababang resulta ng *national assessment*; pinakabago rito ang resulta ng *Program for International Student Assessment (PISA)* nitong 2022 na pang-anim sa pinakamababa ang Pilipinas sa 81 bansa na nahuhuli sa aspekto ng pagbasa, math, at science. Pinagtibay ito ng *DepEd Order Memorandum 173, s. 2019* o Hamon: Bawat Bata Bumabasa (*3B's Initiative*) na may mandatong palakasin ang kakayahan sa pagbasa at naglalayong makamit ang mithiing bawat mag-aaral ay nakababasa kaakibat ang *Every Child A Reader Program o ECARP*.

Bilang patuloy na pagtugon, ang Zamboanga City Division ay inilunsad ang Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA), isang Localized Electronic Tool for Reading Advancement na binuo ng mga piling guro bilang tugon sa puwang sa pagkatuto na ang pangunahing gamit ay upang mataya ang antas na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang nasabing programa ay agad namang isinakatuparan ng mga paaralang kabilang sa nasabing dibisyon. Lumabas sa pagtataya ng isang paaralan na nasa 5% ng kabuoang populasyon nito mula Baitang 7 hanggang Baitang 12 ang nasa antas *below word level* o nahihirapang bumasa kahit salita lamang sa Wikang Filipino, at nasa 24% naman ang nasa antas *word level* o salita pa lamang ang nababasa at hindi pa kayang magbasa ng pangungusap.

Malaking hamon ito lalo na sa sekundaryang antas kung saan higit na mataas na *competencies* na ang inaasahan sa mga mag-aaral. Tila nakababahala ang ganitong kalagayan na suliraning umiiral noon pa man. Ito ang nag-udyok sa mga mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy hindi lamang ang kaantasan sa pagbasa kundi maging ang mga salik na nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral ng sekundarya. Bagamat may ilang pag-aaral nang naisagawa sa mga suliraning ito, naniniwala ang mananaliksik na may mga salik pang hindi natuklasan lalo na sa panahong kasalukuyan kung saan mabilis ang pagbabago at pag-usbong ng mga teknolohiya. Dagdag pa rito ang mga hamon pinagdaanan ng mundo nitong mga nakaraang taon bunsod ng pandemya.

Mahalagang matuklasan kung anong mga suliranin sa pagbasa ang kinakaharap ng mga mag-aaral upang mabigyan sila ng tamang interbensiyon at hindi mapag-iwanan. Gamit ang tamang istatistikal na pamamaraan, maaaring malaman ang mga salik na ito. Sa pag-aaral ni Mustaq (2012), lumabas ang komunikasyon, mga kagamitan sa pag-aaral, tamang patnubay, at istres sa pamilya ang mga salik na nakaaapekto sa performans ng mag-aaral.

Naniniwala ang mga mananaliksik na higit na mapagtibay ang anumang programa sa pagbasa kung sasabayan ito ng pag-unawa sa kalagayan ng mag-aaral at matukoy ang mga suliranin at salik kaugnay ng hindi pagkatuto sa pagbabasa.

II. LAYUNIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang mga kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng isa sa mga sekundaryang paaralan ng Zamboanga City Division, Taong Panuruan 2024-2025. Layunin din ng pag-aaral na ito na sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa isinagawang panimulang pagtataya gamit ang Language Enhancement Through Reading Assessment o LETRA?
2. Ano-ano ang mga salik sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral?

III. KAUGNAY NA LITERATURA

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga artikulo at pag-aaral na may kaugnayan sa pag-aaral upang magsilbing gabay, suporta, at sanligan. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagtuklas sa mga salik na nakaaapekto sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral sekundarya.

3.1. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa

Ayon kay McCarthy (1999), ang pagbasa ay isang proseso ng pagbibigay kahulugan sa mga titik na bumubuo sa mga salita na nakalimbag sa bawat pahina. May kakayahan ang isang tao na umunawa, sumuri, at gumamit ng impormasyon mula sa isang tekstong binasa na dumadaan sa proseso. Mula rito, matutukoy ang iba't ibang lebel o antas ng kakayahan ng isang mambabasa.

Ang antas na ito ay tumutukoy sa iba't ibang lebel o yugto ng pag-unawa at pagpoproseso ng impormasyon. Ito ay isang sistematikong paraan ng pagtukoy kung gaano kahusay ang isang mambabasa sa pagkuha ng impormasyon mula sa binabasa, mula sa pinakapayak na lebel hanggang sa pinakamataas na lebel o kritikal na pagsusuri at sintesis.

Ang kalidad ng buhay ng isang tao ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng antas ng kaniyang kaalaman sa pagbasa, sapagkat ito ay may tuwirang kaugnayan sa kanyang inaharap na hanapbuhay ayon sa *Organization for Economic Cooperation and Development* o OECD (2008).

Mula sa aklat nina Mortimer J. Adler at Charles Van Doren na *How to Read a Book* (1940), tinalakay ang apat na pangunahing antas ng pagbasa. Anila, nagsisimula sa primarya o pagkilala ng mga salita ang kakayahan sa pagbasa, unti-unting natututo ng mabilisang pagbasang may pag-unawa sa pangunahing ideya o inspeksiyonal, hanggang sa maging analitikal o pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng teksto at pagsusuri sa nilalaman nito, at sa huli ay sintopikal na siyang pinakamataas na antas ng pagbasa, ay nakapaghahambing na ito ng maraming teksto sa parehong paksa upang makabuo ng bagong pananaw o kaalaman.

Sa paniniwala naman nina Lapp at Flood (1978), lahat ng pakahulugan sa pagbasa ay patungo sa dalawang kategorya. Una ang pagbibigay-kahulugan sa mga kodigo o simbolo, at pangalawa ang pagbibigay-kahulugan sa nabasa.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang matukoy ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mag-aaral sa sekundarya na isang makabuluhang impormasyong maaaring pagbatayan upang higit pang mapaunlad at pagtuunan ng pansin ang pagbasa na isa sa pinakamahalagang kasanayan na kailangang matamo ng mag-aaral.

3.2. Language Enhancement Through Reading Enhancement o LETRA

Ang Language Enhancement Through Reading Assessment o LETRA ay isang kagamitan upang matukoy ang *literacy level* ng mag-aaral hanggang Baitang 12 nang sa gayon ay makapagbigay ng angkop na interbensiyon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa. Binuo rin ito upang magsilbing gabay kung paano ituturo ang panimulang pagbasa sa mga mag-aaral na nagsisimulang matutong magbasa sa pamamagitan ng sistematikong pamamaraan na tinatawag na Marungko Approach. Ito ay tugon sa DepEd Order No. 12 s. 2015,

“Guidelines on the Early Language Literacy, and Numeracy Program” at DM 173 s. 2019 na may titulong, Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3B’s Initiative) na inilimbag ng Department of Education- Region I.

Binubuo ng siyam na antas ang LETRA. Nagsisimula ito sa Antas Salita o *Word Level*, at susundan ng Pangungusap, Talata, Kuwento, Kuwento na may Komprehensiyon, Lokal na Materyal, Lokal na Materyal na may Komprehensiyon, Akademikong Antas, at ang huli ay ang Akademikong Teksto na may Komprehensiyon. Sa unang antas ng pagtataya, inaasahang mabasa nang wasto ng mag-aaral ang sampu (10) o higit pa mula sa dalawampung (20) salita. Kapag nagawa ito, maaaring tumuloy ang mag-aaral sa kasunod na antas. Ang huling antas na kanyang maipasa ang magsisilbing antas niya sa pagbasa. Samantala, kung hindi maipasa ang pinakaunang antas na *word level*, maituturing na *non-reader* o *below word level* ang antas ng mag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, magsisilbing pangunahing datos ang resulta ng unang pagtataya sa pagbasa gamit ang LETRA na siya ring gagamitin sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.

3.3. Mga Salik sa Kahirapan sa Pagbasa

Ang kahirapan sa pagbasa ay tumutukoy sa mga hamon o suliranin na nararanasan ng isang tao sa pag-unawa, pagkilala, o pagbuo ng kahulugan mula sa mga nakasulat na teksto. Maaaring dulot ito ng iba’t ibang salik, kabilang ang mga kognitibo, pisikal, o panlipunang aspeto.

Mahalagang usapin ang kahirapan sa pagbasa. Ang kahirapan sa pagbasa ay maaaring resulta ng hindi maayos na pagtuturo o pagtalon sa mga yugto ng pagkatuto sa pagbasa, tulad ng hindi maayos na pundasyon sa *phonics* o pag-unawa sa salita. Ito ay ayon kay Jean Chall (1983), isang kilalang eksperto sa larangan ng edukasyon at pagbasa na nagpanukala ng “*Stages of Reading Development*”.

Ang pag-aaral ni Rohimah (2021) na pinamagatang “*Reading Difficulties and Factors Affecting Reading Difficulties of Students of Grade 1 Elementary School*” ay naglalayong matuklasan ang kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral at mga salik ng kahirapang ito. Natuklasan sa pag-aaral na may dalawang salik na nakaaapekto sa kahirapan sa pagbasa, ang panlabas at panloob na salik. Kabilang sa panloob na salik ay ang kalusugan o pisikal na kalagayan ng isang bata, samantala ang panlabas na salik naman ay ang kapaligirang panlipunan kung saan pinakamalaking impluwensiya sa pagkatuto sa pagbasa ng isang bata ay ang gabay ng mga magulang.

Natuklasan naman sa pag-aaral ni Garcia (2018) na pinamagatang “*Mga Suliranin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang sa mga Pamublikong Paaralan ng Cavite*”, ang mga batang nahihirapan sa pagbabasa ay kadalasang may kakulangan sa *phonemic awareness*, na nagiging sanhi ng kanilang mga suliranin sa pagsasama ng mga tunog sa salita.

Samantala, napatunayan naman sa pag-aaral na isinagawa ni Marticio (2022) na may titulong “*Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa: Batayan sa Pagbuo ng Planong Pagpapaunlad sa Pagbasa*” na malaki ang suliranin sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral na nasa *frustration level* o hindi nakababasa kahit pa nakapaglalaan ng halaga para sa babasahin, may akses sa nakalimbag at digital na pormat na babasahin. Pinalakas ang mga akses na ito at lumabas ang positibong pagbabago. Mula sa resulta, naniniwala ang mananaliksik sa kasalukuyan na may makabuluhang epekto sa pagkatuto ang anumang panlabas na aspeto na siyang nais pang tuklasin sa kasalukuyang pag-aaral upang matugunan ang suliraning ito sa pagbasa.

Sa pag-aaral na ito binigyang-tuon ang teoryang interaktibo ni Bernales, et al. (2006). Ayon sa dulog na ito, ang pagbasa ay nagtatangkang ipaliwanag ang mga proseso at salik na kasangkot at may kaugnayan sa mga gawaing nararanasan sa aktong pagbabasa at ang pag-unawa sa mga ito (Singer at Ruddell, 1985). Ang teoryang ito ay nakasalig sa nasabing pag-aaral sapagkat ang dating kaalaman at bagong kaalaman ay may malaking salik sa pagbabasa. Kung kaya’y ang mga mag-aaral na nabigyang-tuon ng mga taong makatutulong sa kalinangan ng kanilang kahusayan sa pagbabasa.

Buhat sa teorya ng *Social Constructivism* ay ipinakita na ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng *scaffolding* o ang tulong na ibinibigay ng isang mas may kaalaman na tao (guro o magulang) upang matulungan ang bata sa mga mas komplikadong gawain.

Sa teoryang *Social Constructivism* ni Lev Vygotsky (1978) naman, na ang pagkatuto ay isang *social process* na nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon ng bata sa kanilang kapaligiran, kasama na ang mga guro, magulang, at mga kasamahan sa klase.

Marami nang programa upang matugunan ang kahirapan sa pagbasa at sa pagkakataong ito, nais munang unawain ang mga salik sa kahirapang ito upang makapagbigay ng kongretong solusyon na naaayon sa pangangailangan ng mag-aaral na humaharap sa hamong ito. Kabilang rito ang kanyang mga karanasan, impluwensiya ng kapaligiran na kanyang kinabibilangan at iba pa.

Naniniwala ang mananaliksik na may iba pang salik na nakaaapekto sa kahirapan bukod sa mga natuklasan na mula sa naunang pag-aaral lalo pa’t ang mga respondente sa pagkakataong ito ay nasa sekundarya na.

IV. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibong pananaliksik sapagkat layunin nitong makakalap ng datos buhat sa isinagawang sarbey upang matukoy ang mga salik sa kahirapan sa pagbasa at gumamit ng *standardized test* sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral sa isa sa mga sekundaryang paaralan sa Zamboanga City Division na hindi nakababasa o nakararanas ng kahirapan sa pagbabasa sa Filipino batay sa resulta ng isinagawang *Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA)*, isang Localized Electronic Tool for Reading Advancement na sumusukat sa antas ng kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa. Ang kabuoang 100% na mag-aaral na *non-reader* o kabilang sa *below word level* at nahihirapang magbasa kahit ng salita lamang mula sa Baitang 7 hanggang Baitang 12 ang pasasagutin sa sarbey. Gagabayan ng mananaliksik sa pagsagot ang mga kalahok upang matiyak ang katumpakan at maiwasan ang kalituhan lalo pa't nahihirapang magbasa ang mga kalahok

Ang pangunahing instrumento sa pananaliksik ay ang *semi-structured survey questionnaire* sapagkat kinapapalooban ng pinagsamang *open-ended questions* at *fixed-response questions* ang sarbey na gagamitin sa pangangalap ng datos upang magkaroon ng kalayaan at hindi limitadong sagot ang mga kalahok. Ang mga katanungan ay inayos ayon sa "*5M*" at ginamitan din ng "*5 Why Analysis*" upang matukoy ang lahat ng aspekto at magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga dahilan ng mga sagot kaugnay sa mga salik sa kahinaan sa pagbasa ng mga kalahok. Ipaliliwanag nang malinaw ayon sa wikang mauunawaan ng mga kalahok ang gawaing ito bago pasasagutan.

Gayundin, upang maprotektahan ang karapatan ng bawat kalahok at mapanatili ang pagiging kumpidensyal at seguridad ng mga datos, titiyaking may pahintulot ng mga magulang ang paglahok ng mga respondenteng mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapapirma ng *informed assent*, at *informed consent* naman para sa mga kalahok na edad 18 pataas. Opsiyonal ang paglalagay ng pangalan ayon sa kagustuhan ng mga respondente at tanging mga mananaliksik at tagapayo lamang ang may akses sa mga datos na nakalap. Titiyakin ding hindi kailanman ipamamahagi sa ibang indibiduwal o organisasyon ang anumang datos na nakalap nang walang pahintulot ng mga kalahok, at ligtas na buburahin ang lahat ng mga ito pagkatapos maisagawa ng pagsusuri at mailathala ang naging resulta.

Bilang pagsasaalang-alang sa integridad at masiguro ang pagiging patas, titiyaking walang anumang personal na relasyon ang mananaliksik at mga respondente, gayundin walang hakbang na isasagawa na makaaapekto sa hindi patas na resulta ng pag-aaral tulad ng pinansiyal at personal na interes.

Samantala, isasailalim naman ang mga datos na nakalap sa proseso ng *Frequency* at *Percentage Analysis* upang lubos na maunawaan ang mga salik sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Samantala, ang mga sumusunod na *statistical tool* ang ginamit sa pagsusuri ng mga nakalap na datos:

1. *Weighted mean* ang ginamit upang masagot ang unang layunin ng pag-aaral.
2. *Frequency and Percentage* ang ginamit upang malaman ang mga salik sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ginamitan din ng *basic descriptive analysis* ang pagsusuri nang sa gayon ay makita ang *average response* sa mga salik na nakaaapekto sa mababang antas sa pagbasa. Sa ganitong paraan, higit na napalalim ang pag-unawa sa mga kahirapang ito sa pagbasa.


V. PAGLALAHAT AT PAGTALAKAY SA RESULTA NG PAG-AARAL

Mahalagang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kahirapan sa pagbasa sapagkat ang kasanayang ito ay pundasyon ng pagkatuto sa iba't ibang larangan. Isang masalimuot na gawain ang pagbasa na nangangailangan ng pag-unawa, interpretasyon, at aplikasyon at hindi lamang mekanikal na proseso ng pagkilala ng pagkilala ng mga salita. Sa ganitong konteksto, ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga hadlang sa pagbasa ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng mga solusyon na tutugon sa kanilang pangangailangan.

5.1 Antas ng Pagbasa

Ang kakayahan ng mag-aaral na umunawa, mag-analisa, at gumamit ng mga impormasyong nakukuha mula sa kanilang nababasa ay masasalamain sa antas ng kanilang pagbasa. May iba't ibang antas sa pagbasa ang mga mag-aaral na maaaring masukat gamit ang angkop na kagamitan.

Sa pag-aaral na ito ginamit ang *Language Enhancement Through Reading Assessment* o *LETRA* at mula sa isinagawang unang pagtatay, lumabas na buhat sa 676 mag-aaral na kabilang sa pagtataya, nasa 34 sa kanila ang may antas *below word level* o hindi nakabasa ng 10 o mahigit salita nang tama. Samantala, 27 sa mga mag-aaral na ito ang lumahok sa isinagawang survey ukol sa mga salik sa kahirapan sa kanilang pagbasa.

Talahanayan 1 : Panimulang Pagtataya sa Pagbasa Gamit ang LETRA**LETRA DIAGNOSTIC TEST**

Mapapansin mula sa Talahanayan 1 na malaki ang porsyento ng mga mag-aaral na nahihirapan pang magbasa kabilang na rito ang *word level* na nasa 29% at *Below Word Level* na nasa 5% mula sa kabuoang bilang.

Talahanayan 2 : Antas ng Kasanayan sa Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral Batay sa Isinagawang Panimulang Pagtataya Gamit ang Language Enhancement Through Reading Assessment o LETRA

Kalahok	20 Aytems (20 mga salita)		Functional Literacy Level
	Iskor	Bahagdan	
1	3	15%	<i>Below word level</i>
2	7	35%	<i>Below word level</i>
3	4	20%	<i>Below word level</i>
4	2	10%	<i>Below word level</i>
5	5	25%	<i>Below word level</i>
6	1	5%	<i>Below word level</i>
7	9	45%	<i>Below word level</i>
8	7	35%	<i>Below word level</i>
9	1	5%	<i>Below word level</i>
10	3	15%	<i>Below word level</i>
11	6	30%	<i>Below word level</i>
12	5	25%	<i>Below word level</i>
13	4	20%	<i>Below word level</i>
14	4	20%	<i>Below word level</i>
15	3	15%	<i>Below word level</i>
16	9	45%	<i>Below word level</i>
17	2	10%	<i>Below word level</i>
18	7	35%	<i>Below word level</i>
19	2	10%	<i>Below word level</i>
20	6	30%	<i>Below word level</i>
21	5	15%	<i>Below word level</i>
22	5	15%	<i>Below word level</i>
23	7	35%	<i>Below word level</i>
24	1	5%	<i>Below word level</i>
25	9	45%	<i>Below word level</i>
26	6	30%	<i>Below word level</i>
27	2	10%	<i>Below word level</i>

Makikita sa talahanayan 1.2 na ang 27 mag-aaral ay nakakuha lamang ng iskor na mababa pa sa 10. Ibig sabihin, hindi nito nagawang makapagbasa nang tama ng 10 o mahigit pang salita buhat sa 20 salitang pinababasa kung kaya maituturing na *below word level* ang antas sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na ito.

5.2. Mga Salik sa Kahirapan sa Pagbasa

Isa sa pinakamahalagang kasanayan na kailangang malinang sa isang mag-aaral upang maging matagumpay sa buhay ay ang pagbabasa. Gayunpaman, marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa pagbasa kahit nasa sekondarya na dulot ng iba't ibang salik na nakaapekto sa kanilang kakayahan at pagkatuto.

Upang matukoy ang mga salik na ito, binigyang-tuon sa pag-aaral na ito ang pagtuklas at pagsusuri sa mga salik na nagpapahirap sa pagbasa ng mga mag-aaral, gamit ang tinatawag na "5 Ms" — Lakas-Tao (*Manpower*), Makina (*Machine*), Materyales (*Materials*), Paraan (*Method*), at Kapaligiran (*Environment*).

Ang mga datos na nakalap ay isinasaayos ayon sa porsyento mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa upang maipakita kung alin sa mga salik ang may pinakamatinding epekto sa kahirapan sa pagbasa. Ang pagsusuring ito ay mahalaga upang makabuo ng mas epektibong mga programa at estratehiya na magpapabuti sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, na siyang pundasyon ng kanilang akademikong tagumpay.

Sa pag-aaral na ito, 27 mag-aaral buhat sa 34 na mga *below word level*, ang tumugon at nagsilbing mga respondente na siyang gumagot sa survey na inilunsad.

Talahanayan 3. Resulta ng Isinagawang Survey ukol sa mga Salik na nakaaapekto sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral

Mga Salik na Nakaaapekto sa Kahirapan sa Pagbasa (5 Ms)	Tiyak na Aspekto	Bilang ng Tugon (Frequency)	Mean	Bahagdan (Percentage)
I. LAKAS-TAO (MANPOWER)	Kawalan ng sapat na gabay at suporta ng mga magulang, kapatid, mga kaanak.	17	0.63	63%
	Kakulangan ng suporta ng mga guro sa paaralan	4	0.15	15%
	Hindi akma ang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng pagbabasa	1	0.04	4%
	Kakulangan ng suporta mula sa komunidad para sa literacy program	9	0.33	33%
	Kawalan ng interes sa pagbabasa	4	0.15	15%
	Kawalan ng panahon sa pagbabasa (naghahanapbuhay, inaasahan sa mga gawaing bahay, nag-aalaga sa mga kapatid)	17	0.63	63%
	Kahirapan sa pagbabasa sanhi ng pisikal na kalagayan	6	0.22	22%
	Emosyonal na salik tulad ng trauma, pagkatakot, pagkahiya, at pagkawala ng gana	8	0.30	30%
	Kakulangan sa pagkain na nakaaapekto sa kalusugan	1	0.04	4%
II. MAKINA (MACHINE)	Nakaranas ng pambu-bully	1	0.04	4%
	Kawalan ng access sa mga gadyet tulad ng cellphone at tablet na ginagamit para sa edukasyon	2	0.07	7%
	Pag-aabuso sa panonood ng di-edukasyong programa at paglalaro ng mga online games	9	0.33	33%
III. MATERIALES (MATERIALS)	Limitadong koneksiyon sa internet na naglilimita sa access sa mga materyales sa pagbabasa	4	0.15	15%
	Kawalan ng sapat na mga aklat na angkop sa edad at interes ng bata	7	0.26	26%
IV. PARAAN (METHOD)	Limitadong access sa mga educational journals, magasin, at iba pa.	7	0.26	26%
	Hindi regular ang daloy ng pagbabasa sa paaralan o tahanan	15	0.56	56%
V. KAPALIGIRAN (ENVIRONMENT)	Kakulangan ng mga programang pang-remediation sa mga batang hirap magbasa	4	0.15	15%
	Kawalang ng tahimik na lugar sa pagbabasa	4	0.15	15%

5.2.1. Lakas-tao (Manpower)

Makikita mula sa Talahanayan 3 na ang Lakas-tao ang pinakadominanteng salik na nakaaapekto sa pagbasa ng mga mag-aaral. Lumalabas na ang kawalan ng sapat na gabay at suporta mula sa mga magulang, kapatid, at kaanak ay may pinakamataas na porsyento (63%), kasabay ng kawalan ng oras sa pagbabasa dahil sa responsibilidad sa bahay, paghahanapbuhay, o pangangalaga sa kapatid (63%). Malinaw na ang kakulangan sa interaksyon at suporta mula sa mga nasa tahanan ay isang pangunahing hadlang sa pagpapabuti ng kakayahang magbasa. Ang emosyonal na salik tulad ng trauma, takot, at pagkawala ng gana ay nakaaapekto rin sa 30% ng mga mag-aaral, na nagpapakita na ang mental at emosyonal na kalagayan ng bata ay mahalaga sa kanilang pagkatuto.

Ang mga salik na ito ay nagpapakita ng mahalagang papel ng pamilya at emosyonal na kalusugan sa paghubog ng kakayahan sa pagbasa. Ang pagbibigay ng sapat na suporta at pag-aalaga mula sa pamilya ay isang kritikal na hakbang upang matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang pagsasanay sa pagbabasa.

5.2.2. Makina (Machine)

Sa aspekto ng makina, nakita na ang pag-abuso sa panonood ng di-edukasyong programa at paglalaro ng online games ay nakaaapekto sa 33% ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na bagamat maaaring may access ang ilan sa teknolohiya, ito ay hindi nagagamit sa tamang paraan. Bukod dito, ang kakulangan ng gadget tulad ng cellphone o tablet para sa edukasyon (7%) at ang limitadong koneksiyon sa internet (15%) ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na makakuha ng akses sa mga digital na materyales na maaaring makatulong sa kanilang pagbabasa.

Ang teknolohiya ay mahalaga sa makabagong pag-aaral, ngunit ang hindi tamang paggamit nito o ang kawalan ng sapat na *access* ay nagiging hadlang imbes na solusyon sa mga hamon sa pagbasa.

5.2.3. Materyales (Materials)

Ang kakulangan ng sapat na aklat na angkop sa edad at interes ng mga mag-aaral (26%) at limitadong access sa mga educational journals, magasin, at iba pang materyales (26%) ay nagpapakita ng kakulangan sa mga pisikal na yaman na kailangan upang mapalaganap ang pagbabasa. Mahalaga ang mga angkop na babasahin upang mahikayat ang mga mag-aaral na magkaroon ng interes sa pagbabasa.

Ang datos na ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangang palawakin ang pagkakaroon ng mga mapagkukunan para sa pagbasa sa mga paaralan at komunidad upang matugunan ang kakulangan sa materyales.

5.2.4. Paraan (Method)

Ang hindi regular na daloy ng pagbabasa sa paaralan o tahanan ay nakaapekto sa 56% ng mga mag-aaral, na nagpapakita na ang kawalan ng sistematikong pagsasanay sa pagbabasa ay isang malaking hadlang. Bukod dito, ang kakulangan ng programang pang-remediation para sa mga batang hirap magbasa (15%) ay nagpapakita na hindi natutugunan ng sapat ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa.

Ang aspekto ng paraan ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas konkretong plano ng pagbasa na maaaring isama sa kurikulum o programa ng paaralan.

5.2.5. Kapaligiran (Environment)

Ang kakulangan ng tahimik na lugar para sa pagbabasa (15%) ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay maaaring nahihirapan dahil sa distraksyon o kawalan ng tamang lugar upang mag-focus sa pagbabasa. Ang isang maayos na kapaligiran ay mahalaga upang maitaguyod ang mas epektibong pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng malalim na pag-unawa sa iba't ibang salik na nakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Ang mataas na porsyento ng mga salik na nauugnay sa Lakas-Tao at Paraan ay nagpapakita ng malaking pangangailangan para sa suporta ng pamilya at isang istrukturang programa sa pagbabasa. Ang iba pang salik tulad ng teknolohiya, materyales, at kapaligiran ay nag-aambag din sa problema ngunit nangangailangan ng mas praktikal na solusyon, tulad ng pagbibigay ng mga tamang kagamitan at espasyo.

Ang datos na ito ay mahalaga upang makabuo ng mga interbensyon at estratehiya na maaaring ipatupad ng mga paaralan, magulang, at komunidad. Sa kabuuan, ipinapakita nito na ang problema sa pagbasa ay hindi lamang nakaugat sa kakulangan ng kakayahan ng mag-aaral kundi pati na rin sa mas malawak na konteksto ng kanilang suporta at kapaligiran.

VI. KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasang datos, malinaw na ang kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay dulot ng magkakaiibang salik na may kaugnayan sa Lakas-Tao, Makina, Materyales, Paraan, at Kapaligiran. Ang mga salik na may pinakamalaking epekto ay ang kakulangan ng suporta mula sa pamilya, kawalan ng oras para sa pagbabasa, at kawalan ng sistematikong daloy ng pagbabasa sa paaralan at tahanan. Ipinapakita rin ng datos na ang emosyonal na salik, tulad ng trauma at kawalan ng gana, ay malaki ang kontribusyon sa kahirapan ng mga mag-aaral na paghusayin ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

Dagdag pa rito, ang hindi tamang paggamit ng teknolohiya, limitadong access sa mga materyales, at kawalan ng maayos na espasyo para sa pagbabasa ay mga salik na nagiging hadlang sa pagkatuto. Ang lahat ng ito ay nagpapahiwatig na ang pagbasa ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahan ng mag-aaral kundi sa suportang natatanggap nila mula sa pamilya, paaralan, at komunidad, pati na rin sa mga materyales at estratehiyang ginagamit upang sila ay matulungan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng malinaw na larawan ng mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang mga natuklasan ay nagsisilbing mahalagang batayan para sa pagbuo ng mga programang magpapahusay sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Ang kolaborasyon sa pagitan ng mga magulang, guro, at komunidad ay lubhang kinakailangan upang tugunan ang mga salik na ito at masiguro ang tagumpay ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbabasa.

VII. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasang datos, mahalagang magkaroon ng sama-samang pagtutulongan ng pamilya, paaralan, at komunidad upang malunasan ang kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Iminumungkahi sa mga administrador ang pagpapatupad ng masusi at sistematikong programa sa pagbasa na may malinaw na layunin at estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Gayundin, magbigay ng regular na seminar at pagsasanay sa mga guro upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng pagbasa gamit ang makabagong pamamaraan at maglalaan ng mas maraming materyales sa pagbasa kabilang na ang mga digital na materyales.

Para sa mga Guro, gumamit ng mga makabagong estratehiya, magkaroon ng regular na pagsusuri at paggabay sa mga mag-aaral, lalo na ang may kahirapan sa pagbasa, upang mabigyan sila ng tamang interbensyon. Maaari ring lumikha ng mga nakaengganyong kapaligiran at estratehiya na hihikayat sa masayang pagbabasa sa loob at labas man ng eskwelahan.

Maglaan ng sapat na oras ang mga magulang upang samahan ang mga anak sa pagbabasa at hikayatin silang magkaroon ng interes sa mga aklat. Gawing kaaya-aya ang kapaligiran sa tahanan at pagtibayin ang pakikilahok sa mga programang pang-edukasyon.

Ang disiplina sa sarili ay higit namang mainam para sa mga mag-aaral lalo na sa mga nahihirapang magbasa. Gawing makabuluhan ang paggamit ng teknolohiya at mga online resources na makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman sa pagbasa.

Samantala, naniniwala naman ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mananaliksik sa hinaharap sa pagpapalawak ng pag-unawa sa mga salik na nakaapekto sa pagbasa at maaaring pagbuhatan ng mga pag-aaral na magmumungkahi ng konkretong hakbang upang malunasan ang mga suliranin sa pagbasa.

SANGGUNIAN

Books:

- [1] M. J. Adler and C. Van Doren, *How to read a book: The classic guide to intelligent reading* (New York: Macmillan, 1940).
- [2] R. Bernales, et al., *Akademikong Filipino tungo sa epektibong komunikasyon: Batayan at sanayang-aklat sa Filipino 1 (Tersyari level) alinsunod sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon* (Manila: Mega-Jesta Prints, 2006).
- [3] J. S. Chall, *Stages of reading development* (New York: McGraw-Hill Book Company, 1983).
- [4] R. Gulati, *Management: Principles and applications* (New York: McGraw-Hill, 2019).
- [5] T. Ohno, *Toyota production system: Beyond large-scale production* (New York: Productivity Press, 1988).
- [6] L. S. Vygotsky, *Mind in society: The development of higher psychological processes* (Cambridge, MA: Harvard University Press, 1978).

Journal Papers:

- [7] R. Rohimah, "Reading difficulties and factors affecting reading difficulties of grade 1 students," *LADU Journal of Languages and Education*, vol. 1, no. 5, 2021, pp. 189-195. Available: <https://www.researchgate.net/publication/362814184>.
- [8] R. R. Marticio, "Kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa: Batayan sa pagbuo ng planong pagpapaunlad sa pagbasa," *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries*, vol. 1, no. 3, 2022, pp. 45-61.

Government and Institutional Publications:

- [9] Department of Education (DepEd), *DepEd Order No. 12 s. 2015: Guidelines on the early language literacy, and numeracy program*, 2015. Available: <https://bit.ly/3Dd8sQI>.
- [10] Department of Education (DepEd), *DM 173, s. 2019 – Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs initiative)*, 2019. Available: <https://bit.ly/3Dd8sQI>.
- [11] Department of Education (DepEd), *Regional Memorandum No. 640, s. 2024: Administration of CRLA, PHIL IRI, and LETRA Tools and submission of Beginning of School Year Reading Assessment Data*, 2024. Available: <https://depedro9.info/files/memos/2024/10-3-2024-7679RM.pdf>.
- [12] Schools Division Office I Pangasinan, *Adoption and administration of the Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA) tools in English and Filipino for Grades 7-12 learners*, January 3, 2024. Available: <https://bit.ly/3HUSxHi>.

Theses:

- [13] L. Garcia, *Mga suliranin sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa mga pampublikong paaralan ng Cavite*, master's thesis, 2018.

Conference Proceedings:

- [14] OECD, *PISA 2022 Results (Volume I): The state of learning and equity in education*, PISA, OECD Publishing, 2023. Available: <https://doi.org/10.1787/53f23881-en>.
- [15] OECD, *PISA 2022 Results (Volume II): Learning during – and from – disruption*, PISA, OECD Publishing, 2023. Available: <https://doi.org/10.1787/a97db61c-en>.
- [16] Organization for Economic Cooperation and Development (OECD), *Learning in the twenty-first century: Towards transformative education*, OECD Publishing, 2008.

Other Sources:

- [17] J. McCarthy, *Antas ng kasanayan sa pagbasa*, 1999.
- [18] D. Lapp and J. Flood, *Mga pananaw o teorya sa pagbasa*, 1978.